Pangalan:_________________________________________Linggo: ______________
Baitang & Pangkat:__________________________________Petsa: ______________

# SANAYANG PAPEL #1PAKSA: Paikot na Daloy ng Ekonomiya

## GABAY

**PinakamahalagangKasanayangPampagkatuto (MELC):** Naipaliliwanag ang bahaging Ginagampanan ng mga bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya.

Pagkatapos sagutan ang sanayang papel na ito, ang mga mag-aaral ay inaasahang:

1. Nakikilala ang mga aktor na bumubuo sa paikot na daloy ng ekonomiya;
2. Nakagagawa ng slogan na nagpapakita ang kahalagahan ng bahaging ginagampanan ng mga actor sa paikot na daloy ng ekonomiya;at
3. Napahahalagahan ang natutunan ukol sa mga gampanin ng mga aktor ng ekonomiya.

## ENGGANYO

**Makroekonomiks**

- Ang *makroekonomiks* ay larangan ng Ekonomiks na pinag-aaralan ang gawi ng kabuuang ekonomiya.
- Sumusuri sa malawakang pangyayaring pang-ekonomiya tulad ngpagbabago sa kawalan ng trabaho, pambansang kita, gross domestic product, implasyon at antas ng presyo.
- Tumitingin sa kabuuang ekonomiya ng isang bansa at sumusuri sa pambansang ekonomiya

**PambansangEkonomiya**

- Ito ay tumutukoy sa lagay ng ekonomiya ng isang bansa.
- Ito ang pag- aaral kung natutugunan ba ng mga mamamayan ang kanilang mga pangangailangan.

**Modelong Pang-ekonomiya**

- Ito ay representasyon ng isang konsepto o kaganapan. Ito ang nagbibigay ng konteksto sa pagsusuri ng pambansang ekonomiya sa makroekonomiks.

**Mga Aktor sa Paikot na Daloy ng Ekonomiya**

**1. Sambahayan**

- Nagmamay-ari sa salik ng produksyon
- Nagbabayad sa gastos ng mga produkto at serbisyo
- Tumatanggap ito ng kita galing sa bahay kalakal bilang kabayaran sa itinustos nilang salik ng produksyon

**2. Bahay-kalakal**

- Gumagamit ng mga salik ng produksyon na nagmula sa sambahayan upang gawing produkto at serbisyo
- Nagbibili ng mgaprodukto at serbisyo sa mga sambahayan

**3. Pamahalaan**
- Nangongolekta ng buwis sa sambahayan at bahay-kalakal
- Nagkakaloob ng serbisyong pampubliko (transfer payments)

**4. Panlabas na Sektor**
- Nagbebenta sa ibang bansa (Export) at bumibili sa ibang bansa (Import)

**Mga Uri ngPamilihansaPaikotnaDaloyng Ekonomiya**

**1. Pamilihanng mga Salik ng Produksiyon**
- Nagbebenta ang sambahayan ng mga salik ng produksiyon (input – lupa, kapital, paggawa at entreprenyur)
- Bumibili ang bahay-kalakalang mga salik ng produksiyon (input – lupa, kapital, paggawa at entreprenyur)

**2. Pamilihan ng mga Kalakal at Paglilingkod**
- Nagbebentaang bahay-kalakal ng mga tapos na produkto at paglilingkod
- Bumibili angs ambahayan ng mgatapos na produkto at paglilingkod

**3. Pamilihang Pinansyal**
- Nag-iimpok ang sambahayan
- Umuutang ang bahay-kalakal

*Sources: Kayamananni Imperial, Antonio, et. Al, Ekonomiks –AralingPanlipunanModyulng Mag-aaral*

## TALAB

**Panuto:** Isulat ang **TAMA** kung wasto ang isinasaad ng pangungusap at **MALI** kung hindi wasto ang isinasaad ng pangungusap.

________1. Ang makroekonomiks ay angpag-aaral ng ekonomiya sa isang malawak na pananaw

________2. Kalakalang panlabas ang tawag sa pakikipagpalitan ng produkto at serbisyo sa loob ng bansa.

________3. Ang Bahay-kalakalang nagbebentang mga produkto at serbisyo sa mga sambahayan.

________4. Sambahayanang pinagmumulan ng mga salik ng produksiyon.

________5. Ang pagbebenta ng produkto sa ibang bansa ay tinatawag na *Export*.

## RUBDOB

**Panuto:** Ibigay ang bahaging ginagampanan ng mga aktor at pamilihan sa paikot na daloy ng ekonomiya. Maaring sumangguni sa mga magulang at kasama sa bahay upang mas maunawaan ang mga bahaging ginagampanan ng mga aktor at pamilihan.

| Mga Aktorat Pamilihan sa Paikot na Daloy ng Ekonomiya | Bahaging Ginagampanan |
|---|---|
| 1. Sambahayan | |
| 2. Bahay-Kalakal | |
| 3. Pamahalaan | |
| 4. Panlabas na Sektor | |
| 5. Pamilihang Pinansiyal | |

## IRAL

**Panuto:** Gumawa ng SLOGAN na nagpapakita ng kahalagahan ng bahaging ginagampanan ng mga aktor sa paikot na daloy ng ekonomiya.
Gamitin ang rubriks sa ibaba bilang gabay sa paggawa.

**Rubriks sa Paggawa**

| KATEGORYA | 5 | 3 | 1 |
|---|---|---|---|
| Nilalaman | Angmensaheay mabisangnaipakita. | Di gaanongnaipakita angmensahe. | Medyo maguloangmensahe. |
| KaugnayansaPaksa | May malakingkaugnayansa paksa ng slogan. | Di gaanong may kaugnayansapaksaang slogan | Walangkaugnayansapaksaang slogan |
| Pagkamalikhain | Napakaganda at malinawangpagkakasulatngmgatitik. | Magandangunit di gaanongmalinawa ngpagkakasulatng mga titik. | Hindi maganda at malabo angpagkakasulatngmgatitik. |
| Kalinisan | Malinisnamalinisang pagkakagawasa slogan. | Malinisangpagkakagawasa slogan. | indi gaanongmalinisangpagkakagawasa slogan. |

*References:*
https://billyjawboiles.wordpress.com/2015/11/06/mga-modelo-ng-paikot-na-daloy-ng-ekonomiya/
DepEd Learning Portal
AralingPanlipunan 9 EkonomiksModyulng Mag-aaral
Kayamanan (Ekonomiks): Batayan at SanayangAklatsaAralingPanlipunan

**TEACHER'S FEEDBACK**

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

**SELF-MONITORING**

Pangalan: ______________________________ Linggo: ________________

Baitang&Pangkat: ______________________ Asignatura: ____________

<table>
<tr><td colspan="4">Para sa Mag-aaral(Tapusinangmgapangungusap.)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Nahirapanakongunawain at gawin /sagutanangbahaging…</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td colspan="2">Nadaliaanakong unawain at gawin /sagutanangbahaging …</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td colspan="2">Kailanganko pa ngtulongupanglalongmaunawaan ang ….</td><td colspan="2"></td></tr>
<tr><td colspan="4">Para samagulang (Lagyanngtsekanginyoongsagot.)</td></tr>
<tr><td colspan="2">Nagawangakinganakangmgapagsasanay …</td><td colspan="2">Angakinganak ay …</td></tr>
<tr><td></td><td>nangsiyalamang mag-isa, walangtumulong</td><td></td><td>Nasagutananglahatngmgapagsasanay</td></tr>
<tr><td></td><td>na may kauntingtulongsa pagsasagotmulasaiba</td><td></td><td>Nasagutanangibangpagsasanay at angiba ay hindi</td></tr>
<tr><td></td><td>Namaraminghiningingtulongsapag sasagotmulasaiba</td><td></td><td>Hindinasagutananglahatngpagsasanaydahilmasyadongmahirap</td></tr>
</table>